



PANAHAON NG PAGKAMAGULANG

Liksyon 8 para sa ika-25 ng Mayo, 2019

A NATATANGING SITWASYON

❖ Walang mga anak.

- Dinidinig ng Dios ang iyong panalangin, nga lang hindi laging sa paraan na inaasahan mo.
- Ang ilang mag-asawa ay piniling hindi magkaanak. Ang iba ay piniling mag-ampon at bigyan sila ng maayos na kinabukasan.
- Dapat maging sensitibo tayo sa mga nais maging magulang pero hindi magkaanak.

❖ Naiisang magulang.

- May ilang halimbawa sa Biblia ng hiwalay (Genesis 21:14), nag-iisa (Genesis 38:24) at balo (2 Kings 4:1) na ina.
- Ngayong panahon, parehong sitwasyon ang tumutulak sa ilang ama at ina na palakihin ang kanilang mga anak ng walang katuwang.
- Dahil dito ay nagiging mahirap ang pagpapalaki sa mga anak. Lalong dapat magtiwala ang mga nagisang magulang sa Dios na nagsasabing: “hindi kita iiwan ni pababayaang kita.” (Josue 11:5)
- Tayo ang Iglesia, kaya dapat nating suportahan at tulungan ang mga kapatid na iyon (Santiago 1:27).

B PAGTUTURO SA MGA ANAK

❖ Mga prinsipyo ng edukasyon.

- Ang mga prinsipyo ng edukasyon ay nakatala sa Deuteronomio 6:4-9. Ang susi sa pagpapalaki ng responsableng mga mamamayan ng Kaharian ng Dios ay ang pagsunod sa mga prinsipyong iyon. Ang mga magulang ay dapat: Kumilala sa Dios Mahalin ang Dios ng buo nilang puso, isip at espiritu (v. 5) Pahalagahan ang Kanyang Salita (v. 6) Ibahagi Siya sa kanilang mga anak (v. 7).
- Paano mo maisasakabuhayan ang mga prinsipyong iyon? Sa paggawa ng sumusunod:
 - (1) Pagkintal / Pagsasalita (v. 7)
 - (a) Pormal na pagturo: Pag-aaral sa Biblia sa natatanging pagkakataon (hal. Pampamilyang pagsamba).
 - (b) Di-pormal na pagturo: Pagturo ng mga liksyon mula sa pang-araw-araw na buhay.

(2) Pagtatali/ Pagsusulat (v. 8-9)

- (a) Pagdugtong ng katotohanan sa iyong mga kilos (kamay) at pag-iisip (noo).
- (b) Dapat nakikita ang katotohanan sa parehong pampubliko (frame ng pinto) at pribadong (gate) buhay.

❖ Ang hangarin ng edukasyon.

- Ang hangarin ng Kristyanong mga magulang ay dapat na maging tunay na mga anak ng Dios ang kanilang mga anak, sa pamamagitan ng pagkintal ng pag-ibig ng Dios sa kanila upang magkasama nilang pagsaluhan ang walanghangaran.
- Pinaliwanag ng Dios kung paano turuan ang inyong mga anak upang makamit ang hangaring iyon:
 - (1) Pagdisiplinang may kabaitan (Colosas 3:21).
 - (2) Pagturo ng Utos ng Dios (Awit 78:5).
 - (3) Pagiging modelo (Genesis 18:19).
 - (4) Tamang pangangasiwa sa tahanan (1 Timoteo 3:12).
 - (5) Pagsasaway (Kawikaan 29:17).

❖ Kung di naabot ang hangarin.

- Madaling akusahan ang mga ama na hindi inayos ang pagpapalaki sa kanilang mga anak. Gayunman, maaaring magkamali ang isang anak kahit tama lahat ng ginawa ng mga magulang.
- May sariling isip ang mga bata at sa huli’y mananagot sila sa Dios base sa kanilang mga ginawa. Ang pagiging mabuting magulang ay nasa pagpili natin; kung ano ang kalalabasan nila ay nasa kanila ang pagpili.
- Kailangan natin ng taimtim na panalangin, pag-ibig at pagtatyaga. Samahan sila lagi kahit sila’y lumalaban sa Dios. Alalahanin kung paano sila minahal ng Dios.